CONTRIBUTION

# Pinagdaanan

Red Tani

Sapatos nami'y sukatin,
landas nami'y tahakin,
daing nami'y pakinggan,
daang ito'y lakaran.

Duda at panghuhusga,
pangungutya at pagpuna
ang aming naranasan
dahil hindi naiintindihan.

Kung nangyari sa inyo
anong gagawin ninyo?

Ang aming kailangan
sana'y pagbigyan:
pagdamay at pagunawa
respeto at simpatiya

Kalusugan at kaligtasan
ay aming karapatan.
Pagpalaglag na pinagdaanan
sana inyong igalang.